
PULANG SILANGAN
REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MAMAMAYAN SA SILANGAN GITNANG LUZON
JULY-AUGUST 2023

# BIGUIN ANG MGA KONTRA-REBOLUSYONARYO AT KONTRA-MAMAMAYANG PAKANA SA BARANGAY AT SK ELEKSYON!

*Umpisa ng eleksyon gun ban noong Agosto 28 kaugnay ng idadaos na Barangay at Sangguniang Kabataan (BSK) eleksyon sa Oktubre 30. May dahilan na naman para lalong paigtingin ng estado ang kampanyang kontra-rebolusyonaryo para gupuin ang rebolusyonaryong kilusan at alisan ang mamamayan ng kakayahang lumaban.*

*May balidong dahilan na naman para maglipana ang mga army at pulis sa lansangan. Tsekpoynt dito, tsekpoynt doon. Mataas na bisibilidad sa matataong lugar, hanggang sa loob ng mga komunidad, sa lungsod man o sa kanayunan. Asahang titindi ang karahasan -- pulitikal na pamamaslang, pananakot, panggigipit at redtagging sa mga progresibong personalidad na tumatakbo sa eleksyon.*




Wala pa mang eleksyon ay nanghihimasok na ang AFP at PNP sa pulitika sa baryo. Tiyak na sa BSK eleksyon ay hahangarin nila na ipwesto ang mga sagadsaring kontarebolusyon at kasabwat nila. Sa ganon, mas madulas ang pagkurakot sa Barangay Development Fund ng NTF-ELCAC.

Asahan din na magpopormahan ang mga paksyon na naghaharing uri para sa darating na mid term eleksyong pambansa at lokal.

Hindi lumalahok ang CPP-NPA sa reaksyunaryong eleksyon sa anumang antas. Gayunman, nirerespeto at sinusuportahan nito ang kahilingan ng mamamayan para sa demokratikong proseso, kabilang ang pagboto ng mga kinatawan na puspusang magtutulak ng kanilang mga patriyotiko at demokratikong kahilingan kahit sa balangkas ng mga reaksyunaryong institusyon at proseso.

Nananawagan ang CPP-NPA sa lahat ng mamamayan na itaas ang elerto laban sa pinatinding terorismo ng estado sa panahon ng kampanyang BSK eleksyon. Ilantad at tuligsain ang panghihimasok ng mga militar at pulis sa eleksyon. Gawing daluyan ang kampanyang eleksyon para ihapag ang mga kongkretong isyu ng mamamayan kaugnay sa serbisyong pangkalusugan, suportang pang-edukasyon, mataas na presyo ng bigas, ayudang pangkabuhayan, pagpapaalis sa militar sa baryo, at iba pa.

Gawing okasyon ang kampanyang BSK eleksyon para sa pagkabig at pagkaisa sa taumbaryo para isulong ang demokratikong interes at kagalingan ng mamamayan. Sa kabilang banda, ilantad at ihiwalay ang mga pulitikong nakikipagsabwatan sa militar at pulis laban sa mamamayan at rebolusyunaryong kilusan. Biguin ang pakana ng estado,ng AFP at PNP na ipwesto ang mga sagadsaring kontra-rebolusyonaryo kapwa sa Barangay Council at Sangguniang Kabataan. 🔥

# Kapayapaan sa Dicapinisan?

"Payapa ang baryo kung walang NPA," paulit ulit na sinasabi ng 48th IB sa mamamayan ng Brgy. Dicapinisan, sa San Luis, Aurora noong 2005.

*Paanong di makakalimutan ni Merto? Kinse anyos pa lamang siya noon. "Payapa ang baryo kung walang NPA," ang tila orasyon na sinasambit ng mga berdugong militar habang isinusupot sa plastic ang ulo ng lider magsasaka sa CR sa loob ng eskwelahan ng Hayskul. "Payapa ang baryo kung walang NPA," habang kinakaldag ang iba pang kalalalakihan, pinagpapalo ng bat ng baril.*

## Anong klase nga bang kapayapaan ang pinapatungkulan ng militar?

Kapayapaan ika ng army ang magsasawalang kibo habang inaagaw ng konsesyonaryo sa logging ang lupa ng magsasaka. Tanggapin na lang ang pambabarat sa sweldo ng mga manggagawa sa sawmill. Magbuntong hininga na lang sa pambabarat sa presyo ng produktong magsasaka habang napakataas ang interes sa pautang. Kapayapaan ang ipasa-Diyos na lang ang pagmamalupit ng militar.

Sa kabilang banda, kaguluhan para sa militar at estado ang manindigan at ipaglaban ang demokratikong karapatan ng mamamayan. Nakakagulo ang pagbubuo ng NPA ng balangay ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid. Kaguluhan ang pagkakaisa ng taumbaryo para igiit ang karapatang magbungkal sa lupang sinaklaw ng IFMA. Kaguluhan ang dulot ng paniningil ng mangagawa sa sawmill ng kanilang makatwiran sahod. Kaguluhan na naitatakda ng magsasaka ang makatwirang presyo sa kanilang mga produkto tulad ng niyog, buko, kopra at mga gulay.

*"Sa kauna-unahang pagkakataon, naging otoridad ang nagkakaisang boses naming magsasaka na sinunod ng mga panginoong maylupa,"* pagbabalik-ala-ala ni Merto. Ito ay napakalaking kaguluhan para sa estadong nagtataguyod sa interes ng uring panginoong maylupa. Sa takot ng estado, binabaran ng militar ang baryo. Naghasik ng terorismo at pwersahang pinasurender ang mga sibilyan na suspek nilang may ugnayan sa CPP-NPA.

Kulang dalawang dekada na ang nakalipas ay ganon pa rin ang sinasabi ng army at ng mga ahensya ng gubyernong panay ang pa-meeting sa baryo.

Ngayon, nakaambang masagasaan ng ginagawang kalsada ang maraming uma at pook obrahan ng masa. Dumadagsa ang mga ispikulador at ahente sa lupa -- mapa-bundok at baybay-dagat para ilako ang likas na yaman ng San Luis sa mga dayuhang negosyante at panginoong maylupa. At para mapanatili ang kapayapaan, ang gustong mangyari ng estado ay manahimik na lang ang masa sa harap ng pananagasa ng estado sa kanilang karapatan at kabuhayan.

"Payapa ang baryo kung walang NPA," ito ang hibang na pananalita ng 91st Sinagtala Batallion. Noong huling linggo ng Hunyo, sinalikop nila ang baryo mula sa iba't ibang direksyon. Halos dalawang linggo na binawal ang pagpunta sa mga uma at niyugan. Bawal manguryente sa kailugan at mangalap ng kabuhayan sa bundok.

May NPA man o wala, ay parang multong kinatatakutan ng army ang rebolusyunaryong kasaysayan ng mamamayan. At sa tuwing sinasambit nila na "Payapa ang baryo kung walang NPA," nananariwa sa isip ni Merto ang panahon noong kinse anyos pa lamang siya. Mahigpit ang pagkakaisa at pagmanalasakitan ng taumbaryo. May bayanihan sa produksyon. Nag-aalalayan hanggang sa usaping panseguridad. Kasama niya ang mga kabataang tulad niya na taas noo pang sinasabi sa mga nakatatanda na " Mag-ii-NPA kami!"

Napagtanto ni Merto na ang kapayapaan ay matatamo lang sa rebolusyunaryong pakikibaka. Hangga't hindi nababago ang timbangan ng armadong lakas pabor sa nakikibakang magsasaka, hindi matatamo ang kapanatagan at kapayapaan." Lalong walang kapayapaan kung AFP ang nasa baryo. 🔥

Ang mga LUPANG AGREB (AGRARYONG REBOLUSYON) saanman sa Gitnag Luzon ay lupa ng mga magsasaka, titulado man o hindi. Ito ay pinosisyunan ng masang magsasaka, binungkal, nilinang ar pinagyaman simulang isinilang ang Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan hanggang sa pagyabong at paglakas ng rebolusyunaryong kilusan sa buong bansa. Ito ay karapatang ipinaglaban at iginiit ng masang magsasaka sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos at tuwirang pagbubungkal. Ito ay pinagbuwisan ng buhay ng masang magsasaka at ng mga mandirigma ng BHB.

Ang mga LUPANG AGREB saanman sa Gitnang Luzon ay pampublikong kaalaman. Alam ito maging ng mga lokal na panginoong maylupa, mga pinanser at negosyante. Alam ito ng AFP at ng reaksyunaryong gubyerno. May panahon mang nagulo ito ng militar, naangkin ng mga panginoong maylupa at napakinabangan ng mga komersyante, ito ay panandalian lang. Kampohan man ng kaaway ang baryo at ang mismong lupang agreb, muli at muli itong mababawi at mapapasakamay ng masang magsasaka..

Pinakamarami ang masang magsasaka sa kanayunan. Kung ang lahat ng masang magsasaka ay humawak ng armas -- maging itak, bato man, o kahoy na pamalo, tiyak na higanteng lakas ito na gugupo sa iilang kakarampot na sundalo at cafgu na sahuran, at mga amo nilang panginoong maylupa.

Ang mga LUPANG AGREB ay hindi binibenta o sinasanla. Hindi kinikilala ng rebolusyunaryong kilusan ang anumang naganap na bentahan at sanlaan, lalo na ang ginamitan ng panggigipit, panloloko at pandarahas.

Kaya mga kasamang magsasaka, alpasan ang takot! Tindigan ang karapatan sa lupa! Naibenta o naisanla niyo man ito sa anumang kadahilanan, BALIKAN ANG LUPA! Bungkalin! Ipaglaban!

Sa mga panginoong maylupa, komersyante at ahente sa lupa na sangkot sa bentahan at sanlaan sa lupang agreb, lalo na ang nakikipagtulungan sa militar, pulis, para-militar ay tiyak na mananagot sa mamamayan at rebolusyunaryong kilusan batay sa bigat ng inyong nagawa. Kaya habang may pagkakataon pa, tigilan na ninyo ang panggigipit at panloloko para angkinin ang lupang agreb.




Ang Agraryong Rebolusyon o Rebolusyong Agraryo ay makatarungan. Sa kalagayang palala ng palala ang pangangamkam ng lupa at pagpapalayas sa masang magsasaka, walang ibang dapat gawin kundi ang manindigan at lumaban, buhay man ang nakataya. Ipaglaban ang lupa para sa dangal at kabuhayan. Ipaglaban ang lupa para mabuhay! 🔥

**CPP-NPA**
**Josepino Corpuz Command**









# Si Ka Dagohoy

## at ang nagpapatuloy na rebolusyunaryong tradisyon ng paglaban

(September 15, 1971 - Agosto 4, 2020)

***Pinili niyang maging si Dagohoy kaysa maging karaniwang magsasaka at maging ama na laging nasa tabi ng kanyang mga anak.***
***Ang karahasan at kabulukan ng estado ang mismong nagturo sa kanya sa landas ng rebolusyunaryong paglaban, hanggang sa kanyang ganap na kabayanihan.***

Si Nicomedez M. Ortiz, ay ang walang kamatayan na si Ka Dagohoy sa Silangan Gitnang Luzon. Napaslang man siya ng mga berdugong militar sa Barangay San Alejandro, Quezon, Nueva Ecija noong Agosto 4, 2020, ang kanyang kabayanihan ay walang kamatayan -- nagpunla ng maraming Dagohoy na magpapatuloy sa demokratikong rebolusyong bayan hanggang sa ganap na tagumpay.

Nagmula siya sa uring magsasaka, at kabilang sa ilang henerasyon na tagapagpatuloy ng rebolusyonaryong tradisyon ng kanilang angkan mula pa noong panahon ng kolonyalistang Espanyol hanggang sa kasalukuyan.

Kilala din sa siya sa mga pangalang Ka Norman, Ka Dinar, Ka Delf n, Ka Richard, Ka Satur. Siya ay tubong Licab, Nueva Ecija. Maaga siyang kumilos bilang mandirigma ng BHB sa kapatagan ng Nueva Ecija. Kabilang siya sa mga bagong sibol na mga kadre ng Partido sa lalawigan noong Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Isang beses siyang nabihag ng kaaway matapos ang naganap na depensibang labanan sa isang kalamansihan na sakop ng Palayan City noong 1994. Nawalan siya ng malay nang masugatan sa tama ng bala sa proseso ng matinding bakbakan. Nabilanggo ng halos isang taon sa Nueva Ecija Provincial Jail (NEPJ) hanggang sa mapalaya siya sa utos ng korte. Agad siyang sumanib sa BHB at muling tumangan ng rebolusyonaryong gawain bilang buong-panahong organisador ng mga magsasaka sa kanayunan.

Isa siya sa maraming beteranong lider na pinanday ng magkakasunod na kampanyang kontra-insurhensya ng nagdaang mga pasistang rehimen. Dinanas ng kanyang pamilya ang lupit ng Palparan Battalions na naghatid ng delubyo sa Gitnang Luson sa ilalim ng Oplan Bantay Laya 1 at 2. Kahit sa panahon na bago siya napaslang ay tuloy-tuloy na binabantaan ang kanyang mga kamag-anak.

Gayunman, hindi natinag ang kanyang rebolusyunaryong paninindigan.

Nakaukit na sa rebolusyunaryong kasaysayan ang dakilang ambag ni ka Dagohoy. Bahagi siya ng matatagumpay ng Rebolusyong Agraryo sa kapatagan ng Nueva Ecija, ng mga breyktrus sa pagbubuo ng baseng masa at sa mga aksyong militar na naggawad ng rebolusyonaryong hustisya sa napakaraming biktima ng pasismo ng estado.

Hinding-hindi makakalimutan ng sanlaksang masa, kasama, kapamilya, kaibigan at kakilala niya ang kanyang pagiging istrikto sa mga disiplina't tuntunin ng Partido at pagiging magiliw niya sa lahat. Masipag siya sa paglahok sa mga gawain sa bukid at iba pang aktibidad sa produksyon. Walang kapaguran sa pagtuturo at matiyagang naglilinaw sa samu't saring isyung panlipunan.

Gaya ni Dagohoy ng Bohol na pinamunuan ang armadong paglaban ng mamamayan sa mananakop na Kastila at nagawang nakapagtatag ng sariling gubyerno sa kanilang mga base sa bundok sa loob ng 85 taon, hangarin ni Ka Dagohoy na maitayo ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa saklaw ng kanyang kinikilusan sa Nueva Ecija, Aurora at Silangang Pangasinan. Di man niya nasilayan ang ganap na tagumpay, tiyak siyang wawagayway ang bandilang pula ng demokratikong gubyerno ng mamamayan. 🔥


# 7 ID, sinisikil ang malaya at makatotohanang pagpapahayag

Ang 7Id ay ang Kaugnay divisi0n ng Philippine Army na nakabase sa Fort Magsaysay, Laur ,Nueva Ecija. Ito ay nasa ilalim ng Northern Luzon C0mmand..

Ang FORT MAGSAYSAY ay sumasaklaw ng libu lib0ng ektarya ng lupa sa hangganan ng mga bayan ng Dingalan sa Aurora, Gentinio, Laur at Gabald0n sa Nueva Ecija.. Inaari ng Fort Magsaysay ang libu lib0ng ektaryang Lupa na saklaw ng military reservati0n, kabilang ang mga pook panirahan, mga bukid at mga kaingin ng mamamayang naninirahan dito.

Kamakailan lang ay kinober ng DWNE ang idinulog ng mga magsasaka sa loob ng FortMag na binakuran ng barbwore ng mga sundalo ang daan papunta sa kanilang sakahan.. Nabidyohan at inilabas sa balita ang naturang reklamo ng magsasaka.. Dahil dito ay pinasasama ng 7Id ang mga midya na nagkober ng naturang pangyayari. Labag ito sa malayang pamamahayag sa prubinsya.

Nanawagan ang CPP NPA-Nueva Ecija sa lahat ng mamamahayag sa lalawigan na itaguyod ang paghahatid ng makatotohanang balita para sa tunay na tinig ng Nueva Ecijano. Manindigan laban sa panggigipit ng 7Id sa lahat ng mamamayan at mamahayag. 🔥




Sa pamamagitan ng RA 10931 o batas na nag-aalis sa matrikulang binabayaran sa mga pampublikong unibersidad, ang reaksyunaryong gubyerno ay nagbigay ng ilusyon na ang edukasyon sa bansa ay libre na at para umano sa mahihirap.

Ngunit sa katunayan, ang pondong inilalaan para ipatupad ang "libreng edukasyon" ay nagmumula sa buwis na binabayaran ng mamamayan. Kung tutuusin, 80% ng buwis-sa-sweldo ay nagmumula sa mga panggitna at mahihirap na manggagawa habang 20% lamang ang nagmumula sa mga propesyunal at mga self-employed na may kakayahang ilihim ang kabuoan nilang kita mula sa pagpapataw ng buwis. Gayundin, ang mga buwis na ipinataw sa petrolyo at matatamis na inumin ay pangunahing lumatay sa kita ng mga mahihirap. Sa suma, binabayaran pa rin ng mamamayan ang matrikula sa mga pampublikong unibersidad.

Bukod pa rito, mga mayayamang mag-aaral naman ang nakatatamasa ng sinasabing "libreng edukasyon" dahil sa kabuoang bilang ng mga mag-aaral sa pampublikong unibersidad, 17% ay nanggaling sa mayamang pamilya at tanging 12% lamang ang nanggaling sa pinakamahihirap na pamilya sa bansa. Bukod sa may kakayahan ang mayamang pamilya na makakuha ng mga tutor at makapag-rebyu para sa mga entrance exam ng mga pampublikong unibersidad, hindi lahat ng mahihirap na mag-aaral na nakapagtatapos ng high school ay nagagawa pang makatuntong ng kolehiyo.


Marami pa ring kabataan ang pinipiling magtrabaho na matapos ang high school dahil sa hirap ng buhay lalo at hindi naman natatapos ang gastusin ng isang mag-aaral sa pagbabayad lamang ng matrikula.

Kung tutuusin, inalis lamang ng RA 10931 ang matrikula mula sa tala ng mga bayarin sa mga pampublikong unibersidad, ngunit hindi nito naalis o nabago man lang ang bulok na sistema ng edukasyon na nananatiling makadayuhan, nakatuon sa kita at sumisiil sa mga demokratikong karapatan at kagalingan ng mga mag-aaral.

Ang kailangan ng mamamayan ay libreng edukasyon na may makabayan, siyentipiko at makamasang oryentasyon na nagtuturo sa mga mag-aaral ng tamang kasaysayan mula sa punto-de-bista ng pakikibaka ng mamamayan na may pagbibigay-diin sa pagpapahalaga ng ating mayamang kultura at tradisyon. 🔥

# Bwenas

## ang mga pulitiko sa Mandanas Ruling!




Alam niyo ba mga ka-Pulang Silangan kung bakit pati mga pulitiko sa antas munisipyo, probinsya hanggang distrito at nasyunal ay nagkakandarapa na ipanalo ang mga "manok" nilang kandidato sa eleksyon ng Baranggay at Sangguniang Kabataan?

Ibang bagay pa na pag hawak nila ang baranggay ay tiyak ang kampanyador nila para susunod na midterm at nasyunal na eleksyon.

Ganito kasi yon, mga ka-PS. Ipinapatupad na ang Mandanas Ruling ng Korte Suprema na nagsasabing simula 2022 ay pinalaki ang parte ng lokal na gubyerno mula sa pambansang buwis na kung tawagin ngayon ay National Tax Allotment (NTA) mula sa dating Internal Revenue Allotment (IRA). Alinsunod ito sa Republic Act 7160 o 1991 Local Government Code (LGC) na nag-uutos ng ganap na pagpapaubaya sa lokal na pamahalaan ng mga gampaning pang-gubyerno, kabilang ang alokasyon at paggamit ng pondo mula sa kinikita ng Barangay. Ito ang tinatawag nilang debolusyon o sa englis ay devolution of governmental functions. Para sa mga reaksyunaryong pulitiko, ang kabuluhan nito ay ang paglaki ng pondo na pwedeng makurakot!


Hindi lang yan mga ka-PS. Alam niyo ba na noong Hunyo 2021 ay naglabas ng Executive Order 138 si Digong Duterte para iratsada ang proseso ng debolusyong ito? Mukhang isa ito sa kanyang ipinangako sa mga gahamang pulitiko para tiyakin ang pagkapanalo ng tambalang Bong-Bong Marcos at Sara Duterte sa nakaraang eleksyon. Ba, tiba-tiba nga naman ang mga pulitikong gahaman.

Mga ka-PS, pakatandaan natin ang NTA ay pera ng bayan. Buwis ito galing sa pinagpaguran ng mamamayan. Karapatan ninyong alamin kung paano ito ginagasta.

Dapat na pakinabangan ito ng mamamayan. 🔥

**Alam niyo ba mga ka-PS na dahil sa Mandanas Ruling ay lumaki ng 37.9 porsyento o 263.5-bilyong piso ang kaparte ng mga lokal na gubyerno mula sa NTA? Saan na kaya napunta ang pondong ito? Magkano naman kaya ang pondong napunta sa bulsa ng mga pulitiko itong taon?**

# Aha! Kaya pala!




## Binura ni BBM ang utang ng mga magsasaka ...

Kondonasyon? Konsolasyon? O kunsumisyon? Ano nga ba ang tunay na layunin ng kondonasyon o pagbubura sa utang na amortisasyon sa lupa ng mga magsasaka na pinagmamalaki ni BBM?

Ang totoo nyan mga ka-PS, ang kondonasyon ay isang malaking donasyon o pabuya ni BBM sa mga panginoong maylupa (PML) HINDI sa uring MAGSASAKA. Kalakhan ng mga lupang diumano'y naigawad sa mga benepisyaryo ng huwad na reporma sa lupang CARPER ay matagal nang napasakamay muli ng mga panginoong maylupa. Ang natitirang maliit na porsyento ng lupa ay nasa bingit na rin ng pagkasanla at pagkabenta dahil sa pamalagiang pagkalugi ng mga magsasaka. Pabibilisin lamang ng kondonasyon ang konsentrasyon ng lupa sa mga PML. Ni hindi na magbabayad pa ang mga PML para sa titulo ng mga lupa. Mistulang konsolasyon lamang ito para sa mga magsasakang matagal nang talo sa larong sikutan ng batas. Habang laging kampeon naman ang mayayaman na syang lumilikha ng mga batas.

Kunsumisyon at ibayong kawalan ng lupa ng mga magsasaka — ito ang regalong kondonasyon ni BBM sa magsasaka. 🔥

Para sa mga kumakandidato sa Baranggay at SK Election:




# MAGING TUNAY NA LINGKOD NG MASA!

*Pagbati ang pinapaabot ng mga kasama.*

Nais naming ipabatid sa inyo na ang CPP-NPA ay hindi lumalahok sa reaksyunaryong eleksyon sa anumang antas. Hindi ito nag-mamanok ng kandidato o nakikialam sa kampanyang eleksyon, taliwas sa hinahasik na intriga at paninira ng reaksyunaryong gubyerno at AFP sa rebolusyonaryong kilusan.

Sa kabilang banda, ang CPP-NPA ay lubos na nakikiisa at sumusuporta sa kahilingan ng mamamayan para sa demokratikong proseso, kabilang ang pagboto ng lider na kakatawan sa kanilang mga patriyotiko at demokratikong kahilingan kahit sa balangkas ng mga reaksyunaryong institusyon at proseso. Nirerespeto namin ang mga hinalal o ihahalal na lider ng masa na niresulta o ireresulta ng matapat at malinis na botohan.

Ang mga kaso ng pandarahas, panggigipit, red-tagging, at iba pang kontra-mamamayan at kontra-rebolusyunaryong pakana sa panahon at matapos ang eleksyon ay iimbistigahan ng rebolusyonaryong kilusan. Ang mabibigat na kaso laban sa mamamayan ay may tiyak na karampatang kaparusahan.

Lubog ngayon sa kumunoy ng kahirapan ang mamamayang Pilipino. Mabilis na dumadausdos ang kabuhayan ng masang magsasaka na biktima ng pang-aagaw ng lupa, ng walang kabusugan na interes sa pautang ng mga usurero, ng sobrang mahal na presyo ng farm inputs at bigas, ng pambabarat sa produktong magsasaka at ng iba pang mapagsamantalang relasyon sa produksyon. Marmaing kabataan ang hindi na nakakapag- aral. Marami sa inyong kababaryo ang naobligang mangibang bayan para maghanap ng trabaho. Sa kabilang banda, walang ginagawang aksyon ang rehimeng US-Bong-Bong Marcos-Sara Duterte para solusyunan ang problemang ito ng masa. Dagdag pahirap at kunsumisyon pa nga ang kanilang ginagawa sa pamamagitan ng pagratsada sa mga neoliberal na patakaran sa ekonomya ng dikta ng gubyernong US. Dagdag pa, pinaigting ng tambalang Marcos-Duterte ang kampanya ng panunupil sa mamamayan, lalo na sa kanayunan. .

Malaking hamon sa mga mahahalal na Kapitan, Konsehal at SK sa Baranggay kung paano pagkakaisahin ang taumbaryo para aktibong labanan ang kagutuman, pangibabawan ang mga kahirapan at paano salagin ang pandarahas ng mga army at pulis sa populasyong sibilyan. Malaking hamon sa mga lingkod ng Baryo kung paano titindig ng matatag sa panig ng mamamayan sa harap ng manipulasyon at panggigipit ng NTF-ELCAC.

Kayo na mga kumakandidato para maging Kapitan, Konsehal at SK ng baranggay ay hinihikayat namin na isapuso ang tunay na diwa ng paglilingkod sa mamamayan sa inyong baryo. Umaasa kami na nasa unahan ng inyong plata de porma ang pagtataguyod sa demokratikong karapatan at kagalingan ng mamamayan kaugnay sa karapatan nila sa lupa at paninirahan, ayuda sa kabuhayan ng masang magsasaka, libre at napapanahong sebisyong pangkalusugan, ayuda sa pag-aaral ng mga kabataan, at pamumuhay ng ligtas sa panggigipit at pandarahas ng AFP at ng iba pang ahensyang mapanupil ng reaksyunaryong gubyerno.

Manalo o matalo man kayo sa Barangay at SK Election ay umaasa kami na kayo ay magiging pangmatagalang kaibigan ng rebolusyonaryong kilusan. Tumatanaw kami na sa anumang antas at kaparaanan ay magkakatulungan tayo para sa tunay na paglilingkod sa interes ng masang anakpawis na bumubuo sa malaking populasyon ng inyong baryo at ng buong bansa.

Tunay na Lingkod ng masa,

BAGONG HUKBONG BAYAN

**CPP-NPA - Gitnang Luzon**
**Josepino Corpuz Command**

# Palagay ng Magsasaka sa SONA ni BBM:

*Pangalawang SONA ni Marcos Jr., bida ang imperyalista. Palakpakan ang mga burukratang, paldo-paldo ang mga bulsa. Mga datos at estadistika, halatang sinalamangka. Sadyang ikinubli, tunay na kalagayan ng bansa.*

*Sabwatang Marcos-Duterte'y kalbaryo ng magsasaka. Sa dalawang taon, kahirapan ay lalong lumala. Walang tunay na reporma sa lupa. Walang Bagong Pilipinas na mapapala.*

**7.6 porsyentong paglago ng ekonomya ng bansa noong 2022, pinakamataas na tinamong pag-unlad sa nakalipas na 46 taon!**

Kaunlaran para kanino? Magsasaka'y wala pa ring lupa. Produkto'y binabarat, baon pa sa utang.

**Sampung porsyento ang itinaas na koleksyon sa buwis, dagdag pondo ng bayan!**

Buwis na pahirap, mula sa pawis ng mamamayan. Samantalang 250 bilyong piso ang nabawas sa dapat bayaran ng mga negosyanteng gahaman. 250 bilyong pisong utang na buwis ng pamilyang Marcos, ano na ang kinahinatnan?

**1.8 milyong pamilyang Pilipino nakinabang sa pitong libong KADIWA Stores. Kumita na ang magsasaka, presyo ng asukal at bigas ay abot kaya pa!**

Sa Aurora at Nueva Ecija, 46 pesos per kilo ang pinakamababang presyo ng bigas. Samantalang hindi man lang umabot ng 18 pesos per kilo presyo ng palay. Pangakong 20 per kilo na bigas, sa kapiranggot na KADIWA stores lamang napako.

**8.3 trilyong pisong "Build Better More Projects" umaarangkada na!**

Daan dito, daan doon, megadams at power plants, mga dayuhang kumpanya, tiba-tiba sa ganansya! Bukid at umá ng pambansang minorya at masang magsasaka ay ginawang kalsada, pinang-akit pa sa turista!

**Utang ng mga magsasakang benipisyaryo ng mga naunang reporma sa lupa ng gubyerno, burado na sa pagsasabatas ng Agrarian Emancipation Law!**

Lupang na-CARP ay matagal ng nabangkrap. Magsasaka'y baon sa utang, kababayad sa Land Bank. Utang sa usurero'y di kabilang sa inabswelto. Inaward na titulo napasakamay ng mga kooperatibang peke at korap. Libong ektaryang lupa, kontrolado't pagmamay-ari pa rin ng mga panginoong maylupa.

**Imported na binhi, patubig, modernong makinarya, farm to market roads, ayuda ng gubyerno sa magsasaka!**


Harinawang magkatotoo, mga pangakong proyekto. Sa tubig lang nakalista, kaya magsasaka'y wala mang natatanggap na grasya. Ismagler at sindikato ang nagtatampisaw sa ganansya.

**Mga byahe abrod, nakapaglikom ng ayuda, utang, donasyon at dayuhang pamumuhunan sa bansa!**

Mga byaheng abrod, pagliliwaliw ng mga burukratang kapitalista. Kaunting ayuda at pautang, kapalit ng pagsssamantalang walang hanggan. Sa kanila ang biyaya, sa masang anakpawis ang pagdurusa!

**Dumating na raw ang "Bagong Pilipinas" pero ang totoo'y ang panibagong yugto ng lalong pahirap, korap at pasistang pamumunong US-Marcos Jr.!**

Ang kahilingan ng masang magsasaka, tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Demokratikong rebolusyong bayan lamang ang tanging solusyon. Kaya magsasaka'y huwag magdalawang loob. Lumahok sa digmang bayan, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.🔥



# Bukas na Liham para sa Ina:

Isang mapagpalayang araw sa iyo, Ma!

Higit isang taon na simula nang kunin at itago ka sa amin ng malupit at walang-awang estadong ito. Kamusta ka na Mama? Kamusta ang likod mong palaging masakit dahil sa arawang larga at pagpakat sa masa? Nakakakain ka ba? Nakakainom ka ba ng bitamina tulad ng lagi mo ring paalala sa akin?

Dati, halos sa iyo ko lang naririnig ang pangangamusta hindi ako nakakatugon o nakaka-kamusta pabalik gawa ng limitado lang ang oras na kaya nating maibigay sa isa't isa. Paminsan kapag napapa-isip ako Ma di ko mapigilang sumagi sa isip ko na iyong mga dagling panahon natin para makapagkamustahan ay napaka-laking bagay na para sa ating parehas na naglilingkod sa rebolusyon at sa masa.

Noong maibalita sa akin na kayo ay nawawala hindi ako nagdalawang isip kung sino ang may sala at kung sino ang dapat singilin. Malupit itong estadong kina-iiralan natin Mama... walang-awa, malupit, hayop, magnanakaw. Sa nakalipas na isang taong pagkawala ninyo Ma, hindi kami tumigil. Hindi kami tumigil lumaban, maghanap, manugsog, at manindigan. Kahit na pa sa kalakhan ng panahon e sinusuntok ako ng emosyong 'para akong ninakawan'. Ninakawan ng ina. Ninakawan ng mga dagling oras na nakalaan sana sa pagkakamustahan natin. Ninakawan ng kaibigang masasandalan sa oras ng anumang kontradiksyon. Ninakawan ng panahong pwedeng pwede sana nating ilaan sa isa't isa para bawiin ang napaka-raming oras na hindi man lang natin maka-daupang palad ang isa't isa. Higit sa lahat, ninakawan kami ng isang komrad, ng isang boses na sisigaw para sa karapatan ng mamamayan, isang kasamang mahigpit na naninindigan para sa paglaya ng mamamayan. Talaga nga namang magnanakaw ang estadong ito.

Kung kamamustahin mo naman ako ngayon Ma – Ito, araw araw kitang naiisip, isa ka sa pinaka-impluwensyal na batayan ko sa patuloy na pagtindig at pagharap sa palagiang krisis na ibinabato ng gobyerno. Yung tatag mo, yung paninindigan mo, lalong lalo na iyung pagtindig sa agos ng rebolusyon kasama ang malawak na mamamayang Pilipino ang patuloy na nakakapagpanatili sa akin. Sa pagkawala niyo ay may tumitimo sa aking mga pangamba at walang pagiimbot na katiyakan. Kung sa pangamba – naku, halos araw-araw akong nangangamba Ma, halos araw-araw akong pinarurusahan kaka-isip kung ano na ang lagay mo. Araw-araw akong lumalangoy sa pagitan ng pagdadalamhati't pag-asa. Pero ito rin ang siyang nagpapanatili sa akinpara sumalig sa kawastuhan ng ating paninindigan.

Tiyak ako sa ngayon Ma at sa mga susunod pang panahon na hinding hindi kami titigil sa paghahanap sa inyo, at patuloy na mangangalampag ng mga protesta at panawagan ang maraming masa sa reaksyunaryong estado na ilitaw nila kayo kasama ang mga mas nauna pang mga inosenteng indibidwal na biktima ng Desaparasidos at brutalidad ng Pasistang AFP/PNP. Tiyak din ako Mama na hindi masasayang ang inyong mga dakilang ambag sa pagsusulong ng interes ng malawak na sambayangapi at pinagsasamantalahan. Tiyak din ako na pagpapakita lamang ng malaking takot ng estado sa higanteng lakas ng paglaban ng mamamayan ang mga kriminalidad na katulad ng red tagging, harrasment, saywar, iligal na pagaresto, pagpaslang, mental at pisikal na tortyur, pagdukot at iba pang mga kaso ng paglabag sa karapatangtao. Tiyak ako na kakamtin at igagawad ng buong rebolusyon kasama ang masang pinaglingkuran ninyo ang tunay na hustisya sa madugong kriminalidad ng estado sa mamamayan.



*Tiyak ako ma, na ikaw ay isang responsableng rebolusyonaryong ina. At ang iyong pagsisilbi sa hanay ng malawak na masa ay pakahulugan ng katiyakang aaliwalas ang kinabukasan ng mga susunod na henerasyon ng mga kabataang tulad namin.*

*Wala naman talagang katapusan ang mga pangamba Ma. Walang katapusan din ang luhang papatak sa tuwing maaalala kita o di kaya'y makakakita ako ng kung ano-anong bagay na makakapag paalala sa akin sa iyo. Hindi ko alam kung kailan ako makakapagproseso ng bagay o kung kakayanin ko ba, o kung mauubos ba ang mga luha ko bago makapag-proseso ng sakit na dulot ng estadong ito sa ating pamilya at sa marami pang pamilyang nakadaranas ng ganitong paghihirap.*

*Sa ngayon, kapag may nangangamusta sa akin, ang naisasagot ko lang ay isang puno ng pangambang ngiti pero paghupa ng mga ngiti ay ang walang pag-iimbot na katiyakang makakamit din natin ang tunay na hustisya at ang makatarungang sagot sa pagkawala ninyo at ng libu-libo pang biktima ng ekstra-hudisyal na pag-aresto. Ang isang titiyakin ko sa iyo Ma ay hindi ako titigil sa paghahanap ng hustisya sa inyo kasabay ng pagtindig ko sa sandaang libong inhustisya na danas din ng mamamayan.*

*Mahal na mahal kita mama, kasabay at kasama mo ako sa pagbata ng mga hirap, sakripisyo, buhay at kamatayang pagsusulong ng masalimuot na rebolusyon para sa pagkakamit ng tiyak at tunay na kalayaan ng buong sambayan sa ilalim ng paghahari ng mapang-api't mapaniil na lipunang mala-kolonya at mala-pyudal na sistema.*

***Ang iyong rebolusyonaryong anak at komrad,***
***Ka Nayon***

------------Matatandaan na Hulyo 3, 2022 ay dinukot ng pasistang militar sina Elgene Mungcal at Ma. Elena "Cha" Cortez Pampoza sa Moncada, Tarlac. Isang taon na ang nakalipas ay hindi pa rin sila inililitaw. Kamakailan lang ay dinukot din ng militar ang dalawang kabataang aktibista na sina Jhed Tamano at Jonila Castro sa Bataan.

Ang Agosto 30 ay Pandaigdigang Araw ng mga Desaparesido. Okasyon ito para gunitain ang mga biktima ng sapilitang pagkawala. Okasyon din ito para higit pang pagtibayin ang kapasyahang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan upang ibagsak ang estadong salarin sa sapilitang pagkawala ng maraming magulang, kapatid at mga mahal sa buhay. 🔥




# ILITAW ANG MGA DESAPARECIDOS!